

Pagkain Yugto 2

VIII. “1 At sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay dumating sa ilang ng Sin, na nasa pagitan ng Elim at Sinai, nang ikalabing limang araw ng ikalawang buwan, pagkatapos na sila'y makaalis sa lupain ng Egipto. 2 At inupasala ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron sa ilang: 3 At sinabi sa kanila ng mga anak ni Israel, Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng PANGINOON sa lupain ng Egipto, nang kami ay nauupo sa tabi ng mga palyok ng karne, nang kami ay kumakain ng tinapay hanggang sa mabusog; sapagka't kami ay inyong dinala sa ilang na ito, upang patayin ng gutom ang buong kapisanang ito. 4 Nang magkagayo'y sinabi ng PANGINOON kay Moises, Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain mula sa langit; at labasin at pupulutin ng bayan araw-araw ang bahagi sa bawa't araw; upang aking masubok sila, kung sila'y lalakad ng ayon sa aking kautusan, o hindi. 5 At mangyayari sa ikaanim na araw, na sila'y maghahanda ng kanilang dala, na ibayo ng kanilang pinupulot sa araw-araw. 6 At sinabi ni Moises at ni Aaron sa lahat ng mga anak ni Israel, Sa kinahapunan, ay inyong malalaman, na ang PANGINOON ay siyang naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto. 7 At sa kinaumagahan, ay inyo ngang makikita ang kaluwalhatian ng PANGINOON; sapagka't kaniyang naririnig ang inyong mga pagupasala laban sa PANGINOON: at ano kami, na inyo kaming inuupasala? 8 At sinabi ni Moises, Ito'y mangyayari, pagbibigay ng PANGINOON sa inyo sa kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng pagkain, na makabubusog; sapagka't naririnig ng PANGINOON ang inyong mga pagupasala na inyong iniuupasala laban sa kaniya: at ano kami? ang inyong mga pagupasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa Panginoon. 9 At sinabi ni Moises kay Aaron, Sabihin mo sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, Lumapit kayo sa harap ng PANGINOON; sapagka't kaniyang narinig ang inyong mga pagupasala. 10 At nangyari, pagkapagsalita ni Aaron sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sila'y tumingin sa dakong ilang, at, narito, ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay lumitaw sa ulap. 11 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinasabi, 12 Aking narinig ang mga pagupasala ng mga anak ni Israel: salitain mo sa kanila, na iyong sasabihin, Sa kinahapunan ay kakain kayo ng karne, at sa kinaumagahan, ay magpapakabusog kayo ng tinapay; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON ninyong Dios. 13 At nangyari sa kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalatag sa palibot ng kampamento ang hamog. 14 At nang paitaas na ang hamog na nalalatag na, narito, sa balat ng ilang ay may munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa. 15 At nang makita ng mga anak ni Israel, ay nagsangusapan, Ano ito? sapagka't hindi nila nalalaman kung ano yaon. At sinabi ni Moises sa kanila, Ito ang pagkain na ibinigay ng PANGINOON sa inyo upang kanin. 16 Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON, Pumulot ang bawa't tao ayon sa kaniyang kain; isang omer sa bawa't ulo, ayon sa bilang ng inyong mga tao, ang kukunin ng bawa't tao para sa mga nasa kaniyang tolda. 17 At gayon ginawa ng mga anak ni Israel, at may namulot ng marami, at may kaunti. 18 At nang timbangin sa omer, ang namulot ng marami ay walang higit, at ang namulot ng kaunti ay hindi nagkulang; bawa't tao ay pumulot ng ayon sa kaniyang kain. 19 At sinabi ni Moises sa kanila, Huwag magtira niyaon ang sinoman ng hanggang sa umaga. 20 Gayon ma'y hindi sila nakinig kay Moises; kungdi ang iba sa kanila ay nagtira niyaon hanggang sa umaga, at inuod at bumaho; at naginit sa kanila si Moises. 21 At sila'y namumulot tuwing umaga, bawa't tao ayon sa kaniyang kain: at pagka ang araw ay umiinit na, ay natutunaw. 22 At nangyari, na nang ikaanim na araw, ay pumulot sila ng pagkain na ibayo ang dami, dalawang omer sa bawa't isa: at lahat ng puno sa kapisanan ay naparoon at nagsaysay kay Moises. 23 At kaniyang sinabi sa kanila, Ito ang sinalita ng PANGINOON, Bukas ay takdang kapahingahan, banal na sabbath sa PANGINOON: ihawin ninyo ang inyong iihawin, at lutuin ninyo ang inyong lulutuin; at lahat na lalabis ay itago ninyo sa ganang inyo, na inyong itira hanggang sa kinabukasan. 24 At kanilang itinago hanggang sa kinaumagahan, gaya ng iniutos ni Moises: at hindi bumaho, ni nagkaroon ng anomang uod. 25 At sinabi ni Moises, Kanin ninyo yaon ngayon; sapagka't ngayo'y sabbath na ipinangingilin sa PANGINOON: ngayo'y hindi kayo makakasumpong sa parang. 26 Anim na araw na inyong pupulutin; datapuwa't sa ikapitong araw ay sabbath, hindi magkakaroon. 27 At nangyari sa ikapitong araw, na lumabas ang iba sa bayan upang mamulot, at walang nasumpungan. 28 At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Hanggang kailan tatanggihan ninyo ganapin ang aking mga utos at ang aking mga kautusan? 29 Tingnan ninyo, na sapagka't ibinigay ng PANGINOON sa inyo ang sabbath, kung kaya't kaniyang ibinibigay sa inyo sa ikaanim na araw ang pagkain ng sa dalawang araw; matira ang bawa't tao sa kaniyang kinaroroonan, huwag umalis ang sinoman sa kaniyang kinaroroonan, sa ikapitong araw. 30 Kaya ang bayan ay nagpahinga sa ikapitong araw.” (Exodu 16:1-30 KJV) Sa Exodu 16, naglaan ang Dios ng manna para sa Kanyang bayan sa ilang matapos alisin Niya sila sa Egipto. Ang manna ay masustansyang pagkaing inilaan upang panatilihin sila. Ang ilan ay niluto nila ang mga ito at ang ilan ay pinakuluan ngunit kinain nila araw-araw sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Tinupad ng Dios ang kanyang pangako sa kanila at sinuportahan ang kanilang pangangailangan.

Nang nakita ng mga Israelita ang pinaulan ng Dios sa kanila, tinanong nila si Moises tungkol dito, at sinabi nila, “Ano ito? sapagka't hindi nila nalalaman kung ano yaon.” (Exodu 16:15 KJV) At ipinaliwanag ni Moises sa kanila iyon, “Ito ang pagkain na ibinigay ng PANGINOON sa inyo upang kanin.” (Exodu 16:15 KJV) Ang

ganitong uri ng tinapay ay maaaring hindi tumutugma sa tinapay na kanilang iniluluto at kinakain ngunit ito ang pinili ng Dios na ibigay sa kanila upang kainin para mabuhay. **Maihahalintulad ang kanilang kalagayan sa sitwasyon ngayon. Kapag kailangan natin ng pagkain na makakain, nanalangin tayo sa Dios at bilang tugon doon, maaaring buksan ng Panginoon ang isang pintuan para sa atin na maaaring salungat sa ating panlasa at kung ano ang nais nating kainin, ngunit ang ibinibigay sa atin ng Dios ay mabuti para sa atin upang mabuhay at mabuti para sa ating kalusugan at kagalingan.**

Ang Dios nang ibinigay Niya sa kanila ang manna inilagay Niya sa kanila ang dami ng kailangan nilang pulutin para sa bawat tao, **“16 Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON, Pumulot ang bawa't tao ayon sa kaniyang kain; isang omer sa bawa't ulo, ayon sa bilang ng inyong mga tao, ang kukunin ng bawa't tao para sa mga nasa kaniyang tolda. 17 At gayon ginawa ng mga anak ni Israel, at may namulot ng marami, at may kaunti. 18 At nang timbangin sa omer, ang namulot ng marami ay walang higit, at ang namulot ng kaunti ay hindi nagkulang; bawa't tao ay pumulot ng ayon sa kaniyang kain.”** (Exodu 16:16-18 KJV) Itinakda ng Dios sa kanila na mamulot ng dalawang litro para sa bawa tao at iyon ang dami ng kailangang kainin ng bawat tao. **Kaya, kailangan nating maging katamtaman sa ating pagkain at huwag lumampas sa dami na itinakda ng Dios para sa atin na kainin, kung hindi, tayo'y magiging napakataba at baka mahulog tayo sa mga sakit tulad ng diabetes, hypertension, sakit sa puso, at iba pang mga sakit na dumarating sa labis na katabaan.**

Kailangang lumabas ng mga Israelita araw-araw upang mamulot nito. **“19 At sinabi ni Moises sa kanila, Huwag magtira niyaon ang sinoman ng hanggang sa umaga. 20 Gayon ma'y hindi sila nakinig kay Moises; kungdi ang iba sa kanila ay nagtira niyaon hanggang sa umaga, at inuod at bumaho; at naginip sa kanila si Moises.”** (Exodu 16:19-20 KJV) **Kailangan din nating kumilos at kumain upang panatilihin ang ating katawan sa mabuting kalusugan. Kung kakain lang tayo at hindi tayo kikiilos magkakasakit ang ating katawan.**

Hinatulan din ng Dios ang kanilang Katamaran na kailangan nilang umalis at mamulot sa bawat umaga sa ilang panahon kung hindi kung sila'y mahuhuli ito ay matutunaw, **“21 At sila'y namumulot tuwing umaga, bawa't tao ayon sa kaniyang kain: at pagka ang araw ay umiinit na, ay natutunaw.”** (Exodu 16:21 KJV) Ang Dios ay napaka partikular sa kanila na kailangan nilang bumangon nang maaga upang mamulot ng manna sa natatanging oras, **“14 Kaya sinasabi niya, Gumising kang natutulog, at magbangon ka sa gitna ng mga patay, at liliwanagan ka ni Cristo.”** (Epeso 5:14 KJV) **Kung sila'y maantala, malamang nawalan na sila ng pagkain. Kaya sinanay at dinisiplina sila ng Dios na pahalagahan at pasalamatang ang trabaho at pagkain na ibinigay ng Dios sa kanila.**

Ang katuruan sa Bagong Tipan ay humahatol din sa katamaran at tayo'y tinawag upang magtrabaho sa gayo'y makakain tayo at upang maglaan para sa ating sarili at hindi magkulang. “11 At pagaralan ninyong maging matahimik, at gawin ang inyong sariling gawain, at kayo'y mangagpagal ng inyong sariling mga kamay, na gaya ng aming ipinagbilin sa inyo; 12 Upang kayo'y magsilakad ng nararapat sa nangasa labas, at huwag kayong maging mapagkailangan.” (1 Tesalonica 14:11-12 KJV) **“14 At pagaralan din naman ng ating mga tao na manatili sa mabubuting gawa sa kagamitang kailangan, upang huwag mawalan ng bunga.”** (Tito 3:14 KJV) **Hanggang sa punto na kung hindi tayo magtatrabaho kung gayon hindi dapat tayong kumain. “10 Sapagka't noon pa mang kami ay kasama ninyo, ay aming iniutos ito sa inyo, Kung ang sinoman ay ayaw gumawa, ay huwag din namang kumain.”** (2 Tesalonica 3:10 KJV)

Nang hiniling ng mga Israelita sa Dios na bigyan sila ng pagkain at karne sa ilang sila'y may sariling hayop kasama nila, ngunit hindi sila pinahintulatang patayin ang kanilang mga hayop upang kainin sapagkat ang kanilang mga hayop ay nakalaan upang maihandog sa Dios. **“24 At tinawag ni Faraon si Moises, at sinabi, Yumaon kayo, maglingkod kayo sa PANGINOON; inyo lamang iwan ang inyong mga kawan at ang inyong mga bakahan; isama rin naman ninyo ang inyong mga bata. 25 At sinabi ni Moises, ikaw ay nararapat ding magbigay sa aming kamay ng mga hain at mga handog na susunugin, upang aming maihain sa PANGINOON naming Dios. 26 Ang aming hayop man ay yayaong kasama namin; wala kahit isang paa na maiiwan; sapagka't sa kanila kami nararapat kumuha ng aming ipaglingkod sa PANGINOON naming Dios; at hindi namin nalalaman kung ano ang aming nararapat ipaglingkod sa PANGINOON, hanggang sa kami ay dumating doon.”** (Exodu 10:24-26 KJV) **Ngayon, dito, sa gayon ding paraan, hindi natin maaaring sayangin ang ating salapi sa masaganang pagkain sa kapalit ng pag-aalay ng ating mga ikapu, unang bunga, handog, at panata sa Dios.**

Bago umalis ang mga Israelita sa Egipto kumain sila ng tupa ng Paskua, at pagkatapos nilang umalis mula sa Egipto, wala silang pinatay sa alinman ng kanilang mga hayop hanggang sila'y napasa Bundok ng Sinai. **“1 At kaniyang sinabi kay Moises, Sumampa ka sa kinaroroonan ng PANGINOON, ikaw, at si Aaron, si Nadab, at si Abiu, at pitong pu ng mga matanda sa Israel; at sumamba kayo mula sa malayo: 2 At si Moises lamang ang lalapit sa PANGINOON; datapuwa't sila'y hindi lalapit; o ang bayan man ay sasampang kasama niya. 3 At lumapit si Moises at isinaysay sa bayan ang lahat ng mga salita ng PANGINOON, at ang lahat ng mga palatuntunan. At ang buong bayan ay sumagot ng paminsan, at nagsabi, Lahat ng mga salita na sinalita ng**

PANGINOON, ay aming gagawin. 4 At sinulat ni Moises ang lahat ng mga salita ng PANGINOON, at bumangon ng maaga sa kinaumagahan, at nagtayo ng isang dambana sa paanan ng bundok, at ng labing dalawang batong pinakaalaala, ayon sa labing dalawang lipi ng Israel. 5 At kaniyang sinugo ang mga binata ng mga anak ni Israel, na nagsipaghandog ng mga handog na susunugin at nagsipaghain sa PANGINOON ng handog na baka tungkol sa kapayapaan. 6 At kinuha ni Moises ang kalahati ng dugo, at inilagay sa mga tasa; at ang kalahati ng dugo ay iniwisik sa ibabaw ng dambana. 7 At kaniyang kinuha ang aklat ng tipan, at binasa sa pakinig ng bayan: at kanilang sinabi, Lahat ng sinalita ng PANGINOON ay aming gagawin, at kami ay magmamasunurin. 8 At kinuha ni Moises ang dugo at iniwisik sa bayan, at sinabi, Narito ang dugo ng tipan, na ipinakupagtipan ng PANGINOON sa inyo tungkol sa lahat ng mga salitang ito.” (Exodu 24:1-8 KJV)

Kinailangang isantabi ng mga Israelita ang karne ng baka na mayroon sila at maghintay sa awa ng Dios para ipadala sa kanila ang mga pugo. **“13 At nangyari sa kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalag sa palibot ng kampamento ang hamog.” (Exodu 16:13 KJV)** Ang pang-araw-araw na pagkain ng mga Israelita ay manna at tubig. Binigyan ng Dios ang mga tao ng pugo bilang isang bihirang pagbubukod. Maging nang ang pitumpong matatanda, si Aaron, Nadab at Abihu ay umakyat sa bundok upang makita ang Panginoon, kinain nila ang manna at uminom ng tubig. **Kahit na sila’y mga pinuno ng simbahan, walang espesyal na pagkain na inihanda para sa kanila. “9 Nang magkagayo’y sumampa si Moises, at si Aaron, si Nadab, at si Abiu, at pitongpu ng mga matanda sa Israel: 10 At kanilang nakita ang Dios ng Israel; at mayroon sa ilalim ng kaniyang mga paa na parang isang yaring lapag na batong zafiro, at paris din ng langit sa kaliwanagan. 11 At sa mga mahal na tao sa mga anak ni Israel ay hindi niya ipinatong ang kaniyang kamay: at sila’y tumingin sa Dios, at kumain at uminom.” (Exodu 24:9-11 KJV)**

Ang mga Israelita ay tinawag upang magpakitaa ng pagpipigil sa sarili at matiyaga at mabuhay sa manna at tubig at paminsan-minsan ay tumatanggap ng karne ng pugo.

Kinailangan nilang mamulot ng manna mula sa hubad na lupa na natatakpan ng alikabok at kainin ito. Kinailangan nilang tanggapin ito mula sa Dios. **“14 At nang paitaas na ang hamog na nalalag na, narito, sa balat ng ilang ay may munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa. 15 At nang makita ng mga anak ni Israel, ay nagsangusapan, Ano ito? sapagka’t hindi nila nalalaman kung ano yaon. At sinabi ni Moises sa kanila, Ito ang pagkain na ibinigay ng PANGINOON sa inyo upang kanin. 16 Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON, Pumulot ang bawa’t tao ayon sa kaniyang kain; isang omer sa bawa’t ulo, ayon sa bilang ng inyong mga tao, ang kukunin ng bawa’t tao para sa mga nasa kaniyang tolda.” (Exodu 16:14-16 KJV)** * Sino sa atin ngayon ang handang kumuha ng kanyang pagkain mula sa lupa? Ginawa ng Dios ang mga ito upang magipon ng kanilang pagkain mula sa lupa upang pilitin silang magpakumbaba at wasakin ang kanilang kapalaluan. * Marami ang timatangi na kunin ang mas mababang trabaho dahil lamang hindi nila kayang tiisin ang sasabihin ng mga tao tungkol sa kanila. May kakilala akong kamag-anak na walang trabaho at nangangailangan. Makalipas ang ilang sandali, nakahanap siya ng trabaho ngunit tumanggi siyang tanggapin ito. Nasa isang restawrant ang trabaho niya at kailangan niyang magmaneho para maghatid ng pagkain sa mga mamimili. Ibinahagi niya sa kanyang asawa na nahihiya at nakakahamak ang paghahatid ng pagkain sa pintuan ng mga tao lalo na sa pintuan ng kanyang mga kaibigan. Sinubukan ng kanyang asawa na makita niya ang dahilan sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanya na mas mabuting maghatid ng pagkain kaysa kumatok sa pintun ng ibang tao para mangutang ng pera.

Ang manna ay plano ng Dios at probisyon para sa Kanyang bayan sa ilang na may paminsan-minsang probisyon ng mga pugo. “13 At nangyari sa kinahapunan na ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampamento at sa kinaumagahan, ay nalalag sa palibot ng kampamento ang hamog.” (Exodu 16:13 KJV) Ngunit may ilan sa kanila na nagbubulong laban sa Dios dahil sa manna. **“4 At ang halohalong karamihan na nasa gitna nila ay nahulog sa kasakiman: at ang mga anak ni Israel naman ay muling umiyak at nagsabi, Sino ang magbibigay sa atin ng karneng makakain? 5 Ating naaalaala ang isda, na ating kinakain sa Egipto na walang bayad; ang mga pipino, at ang mga milon, at ang mga puero, at ang mga sibuyas, at ang bawang: 6 Nguni’t ngayo’y ang ating kaluluwa ay natutuyo; walang kaanoanoman: sa ating harapan ay walang anoman kundi ang manang ito.” (Bilang 11:4-6 KJV)** Nang ipinilit nilang kumain ng kung ano ang gusto nila, binigyan sila ng Panginoon ng karne, ngunit hindi iyon ang kalooban ng Dios para sa kanila. Kaya’t nang bigyan Niya sila ng pagkain, sinaktan Niya sila ng matinding salot. **“33 Samantalang ang karne ay nasa kanilang mga ngipin pa, na hindi pa nila nangunguya ay nagningas laban sa bayan ang galit ng at sinaktan ng PANGINOON ang bayan ng isang salot na di kawasa. 34 At ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na Kibroth-hattaawah; sapagka’t doon inilibing nila ang bayang sakim.” (Bilang 11:33-34 KJV)** * Hindi tayo dapat maging manliit, magreklamo, at magmaktol tungkol sa anumang ibinibigay sa atin ng Dios bilang pagkain dahil hindi natin gusto ang lasa nito. Dapat nating iwasan ang pagsasalita laban sa Dios at laban sa mga taong nangunguna sa atin at nagtuturo sa atin na huwag mag-aaksaya ng pagkain at sayangin ang ating mga yaman. * Kailangan nating maging maingat na huwag kumilos sa gayong paraan sapagkat didisiplinahin tayo ng Dios

para doon. Ang Dios ay naglaan ng pinakamasustansya at nakapagpapalusog na pagkain para sa sangkatauhan ngunit ang ilang mga tao ay nag-aanyaya ng kaguluhan sa pamamagitan ng pag-inom ng mataba na pagkain at paghahanap sa kanilang sarili sa kama sa ospital, naghahanap ng gamot at lunas para sa mga sakit tulad ng hypertension, mataas na kolesterol, sakit sa puso, diabetes, gout, labis na katabaan, stroke, at iba pang nakamamatay na sakit na maaaring humantong sa maagang kamatayan.

Pagkatapos pumasok ng mga tao sa Lupang Pangako, **“12 At ang mana ay naglikat nang kinabukasan, pagkatapos na sila’y makakain ng imbak na trigo ng lupain; at hindi naman nagkaroon pa ng mana ang mga anak ni Israel; kundi sila’y kumain ng bunga ng lupain ng Canaan ng taong yaon.”** (Josue 5:12 KJV) Ginawa ng Dios ang lahat ng kinakailangang paghahanda para sa kanilang pagkain. Sa ilang, Binigyan Niya sila ng manna para sa apatnapung taon at pagkatapos nilang pumasok sa Canaan, kinain nila ang bunga ng lupa. **Sa parehong paraan, Inihanda sa atin ng Dios ang tamang pagkain na ibinibigay Niya sa takdang panahon.**

Sa aking Mahal at Minamahal: Sinabi ni Jesus ang tungkol sa manna nang hiniling ng mga tao sa Kanya na bigyan sila ng kagila-gilalas na tanda. **“30 Sinabi nga nila sa kaniya, Ano nga ang inyong ginagawa na pinakatanda, upang aming makita, at sampalatayanan ka namin? ano ang ginagawa mo? 31 Nagsikain ang aming mga magulang ng mana sa ilang; gaya ng nasusulat, Tinapay na galing sa langit ang sa kanila’y kaniyang ipinakain. 32 Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit; kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit.”** (Juan 6:30-32 KJV) Ang manna ay ibinigay ng Dios sa mga Israelita upang panatilihin ang kanilang katawan sa ilang hanggang marating nila ang Lupang Pangako. Iyon ay isang tanda mula sa Dios sa Kanyang bayan. Maaaring hindi sila gaanong nasisiyahan dito sa simula, ngunit kalaunan, itinuring nila ito bilang tanda ng pag-ibig ng Dios sa kanila.

Samakatuwid, ang pansin ay hindi dapat nakatuon sa pisikal na pagkain. Kahit ang simpleng pagkain ay kayang suportahan ang ating katawan upang makapaglingkod sa Dios at mamuhay para sa Kanya hanggang sa maabot natin ang kawalang-hanggan. Sinabi rin ni Jesus, **“27 Magsigawa kayo hindi dahil sa pagkaing napapanis, kundi dahil sa pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng tao: sapagka’t siyang tinatakan ng Ama, sa makatuwid baga’y ang Dios.”** (Juan 6:27 KJV) **Anumang ibinigay ng Dios sa atin bilang pagkain ay isang kagila-gilalas na tanda mula sa Dios upang panatilihin ang ating pisikal na katawan upang para sa atin ay mabuhay nang mabunga sa lupa hanggang Siya ay bumalik at dalhin tayo sa Langit.**

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan na inililing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa lahat ng mga uri ng masustansyang pagkain na ibinigay mo upang panatilihin ako araw-araw upang mabuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon salamat para sa lahat ng turo, sa pagtutuwid, sa mga pagsuway at sa pagpapayo na tinanggap namin sa ngayon mula sa iyong Salita.

Ipagtapat at talikdan ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong mga pagrereklamo laban sa Dios at sa iba tungkol sa pagkain na inilagay sa harap mo upang kainin. Magsisisi sa pagkain ng marami at pagkain ng hindi masustansyang pagkain na nagdulot ng karamdaman sa iyong katawan. Ipagtapat ang iyong katamaran at ng hindi pagluluto sa bahay ngunit gumastos ng mas maraming pera sa pagbili ng mga lutong pagkain at pagkain sa mga restawran. Ipagtapat at talikuran ang iyong kapalaluan at ang iyong kamunduhan. Ipagtapat at talikuran ang iyong hindi kahandaang magdusa para kay Cristo at paglingkuran ang Dios sa paraang nais Niyang paglingkuran mo Siya. Panginoon, patawarin mo ako, pinagsisisihan ko ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon Ipinagkatiwala ko aking sarili sa turo at sa mga alintuntunin na tinanggap sa mensaheng ito mula sa iyo. Panginoon Ipinagkatiwala ko akin sarili na magpasalamat at tanggapin ang uri at ang dami ng pang-araw-araw na pagkain na ibinigay mo sa akin upang kainin at mabuti para sa akin katawan. Panginoon Ipinagkatiwala ko ang aking sarili na maging masipag, maging mabuting katiwala, na magluto sa bahay at iwasan ang pagbili ng lutong pagkain at pagkain sa restawran. Panginoon Ipinagkatiwala ko ang aking sarili na disiplinahin ang aking sarili at kontrolin ang aking mga gastusin upang patuloy na ibigay ang aking ikapu, handog, unang bunga at aking mga panata.

Panginoon salamat para sa aking mga Kapatid na tinanggap ang iyong kalooban sa kanilang buhay, ang estilo ng buhay na hiniling mong ipamuhay nila at sa pagkaing inilaan mo sa amin upang kainin. Panginoon patuloy na bigyan mo sila ng mabuting kalusugan at ang kalakasan na patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon gamitin ang kanilang buhay bilang mabuting halimbawa sa iba upang paglingkuran ka.

Panginoon ipinagkatiwala namin ang aming sarili bilang iyong simbahan upang ipatupad ang turong tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon pusupusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio, at gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa na yumaon at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming tao na mabautismuhan at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon ihanda kami para sa iyong pagdating na dalhin kami kapag bumalik ka. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain; sumaamin nawa iyong kamay at palayain kami mula sa pinsala upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com